Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-19 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ENRICO C. CAPULE | Kasangguni<br>Pansamantalang Nangulo sa Hapag |
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 225-2020**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. NOEL G. PINEDA, KAY DANIELLA BIANCA S. CRUZ, NANG SIYA AY MAGWAGI SA GINANAP NA ENDGAME SPORTS MULTI-EVENTS, INC. (ESMI) NATIONAL YOUTH & MASTERS CHALLENGE ONLINE CHESS CHAMPIONSHIPS.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE**
**AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C.MENDOZA, AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** noong ika-10 hangang ika-11 ng Oktubre, taong kasalukuyan ay ginanap ang Endgame Sports Multi-Events, Inc. (ESMI) National Youth & Masters Challenge Online Chess Championships, kung saan binigyan ng karangalan ang ating mahal na Lungsod ni Daniella Bianca S. Cruz, nang siya ay itinanghal na kampeon sa "Rapid 15minutes + 5seconds" at 1st Runner Up sa "Blitz 3minutes + 0second";

**SAPAGKAT,** si Daniella Bianca S. Cruz, tubong Barangay Mabolo, Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, ay naging tanyag sa larangan ng sports na chess sa murang edad pa lamang, dahil sa kaniyang taglay na husay at galing;

**SAPAGKAT,** ilan sa patunay rin ng kaniyang husay ang pagwawagi sa mga torneo na pinangunahan ng National Chess Federation of the Philippines (NCFP), ito ay ang pagiging 2020 National Youth Champion (9-year old) at 2019 National Age Group Champion (8-year old);

**SAPAGKAT,** ang National Youth & Masters Challenge Online Chess Championships, isa sa pinaka-prestihiyosong torneo sa komunidad ng sports na chess sa bansa, ay nilalahukan ng magagaling na katunggali mula sa iba't-ibang bayan at lalawigan sa buong bansa;

**SAPAGKAT,** ito ay nilahukan ng *350 registered participants* na nanggaling sa iba't-ibang lugar, at ngayong taon, ang ilan din sa kanilang mga kalahok ay nagmula pa sa New Delhi, India at Malaysia;

**SAPAGKAT,** kinakailangan ng tiyaga, dedikasyon at angking talento upang kilalanin at magtagumpay sa nabanggit na paligsahan at dahil dito ay kaniyang naipamalas ang tatak ng isang maabilidad at huwarang kabataang Maloleño;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, isa sa layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ang pagtataguyod ng pag-unlad o' kalinangan sa larangang kinabibilangan, pagtulong sa ikauunlad at paghikayat na umasa sa sariling siyentipiko at teknolohikal na kakayanan ang bawat mamamayan, kaya't nararapat lamang na mabigyan ng pagkilala ang katangi-tanging kontribusyon na kaniyang ibinahagi;

Kung kaya't sa magalang na kahilingan ni Kgg. Franciso J. Castro na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASYA**, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na ipinapahayag ang taos-pusong pagbati at pagkilala ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian at ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Noel G. Pineda kay Daniella Bianca S. Cruz nang siya ay magwagi sa ginanap na Endgame Sports Multi-Events, Inc. (ESMI) National Youth & Masters Challenge Online Chess Championships.

**PINAGTIBAY:**

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI - Pansamantalang Nangulo sa Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10192020